# Nagtanong ang isang lalaki sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) habang siya ay nasa pulpito: "Ano po sa tingin mo ang salah sa gabi?" Nagsabi siya: "Dala-dalawahang [rak`ah];

Ayon kay `Abdullāh bin `Umar (malugod si Allāh sa kanilang dalawa): Nagtanong ang isang lalaki sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) habang siya ay nasa pulpito: "Ano po sa tingin mo ang salah sa gabi?" Nagsabi siya: "Dala-dalawahang [rak`ah]; ngunit kapag natakot siya na umabot sa madaling-araw, magdarasal siya ng iisang rak`ah saka magiging witr para sa kanya ang dinasal niya." Tunay na siya noon ay nagsasabi: "Gawin ninyo ang kahuli-hulihan sa salah ninyo bilang witr. Tunay na ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nag-utos nito.}

[Tumpak] [Nagkasang-ayon sa katumpakan nito]

Nagtanong ang isang lalaki sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) habang siya ay nagtatalumpati sa ibabaw ng pulpito: "O Sugo ni Allāh, nagturo ka sa akin kung papaano akong magsasagawa ng kusang-loob na ṣalāh sa gabi?" Nagsabi naman siya: "Magsasagawa ka ng ṣalāh at magsasagawa ka ng taslīm sa bawat dalawang rak`ah; ngunit kapag nangamba ka na umabot sa pagsapit ng madaling-araw, magdasal ka ng isang rak`ah na magiging witr para sa iyo ang dinasal niya." Tunay na siya noon (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagtatagubilin na gawin ang kahuli-hulihan sa ṣalāh sa gabi bilang witr.



النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee